5

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay- Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 5)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**
**VENICRIS M. ALONSOZANA**
De La Salle University – Dasmarinas

**Tagasuri**
**LIZA T. BACIERRA**
Leyte Normal University

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY ARALIN**


**GMRC, UNANG KUWARTER, ANTAS 5 (Linggo 5)**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang mga sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng pagsunod sa batas trapiko bilang tanda ng pagiging masunurin. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay ng pagiging masunurin sa pamamagitan ng wastong pagtugon sa mga paalala at babala sa daan (*road sign*)<br>a. Nakakikilala ng mga sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan<br>b. Nasusuri na ang mga sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan ay paraan upang tiyakin ang kaligtasan ng lahat at malinang ang pagiging mabuting mamamayan<br>c. Naisasakilos ang mga wastong paraan ng pagsunod sa batas trapiko |
| **C. Nilalaman** | Mga Sariling Tungkulin sa Batas Trapiko sa Pamayanan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Masunurin *(Obedience)* |
| **E. Integrasyon** | Kaalaman sa mga palatandaan at tuntunin ng trapiko |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Mga Sangguniang Gagamitin sa Aralin:<br><br>affordablecebu.com (2023). *List of traffic signs in the Philippines.* Retrieved on March 25, 2024 from https://www.pinterest.ph/pin/255227503859907643/<br><br>Compliancesigns.com. (2024). *Electronics sign for recyclable items.* Retrieved on March 25, 2024 from https://www.compliancesigns.com/pd/electronics-sign-nhe-14238-recycling-trash-conserve<br><br>GettyImages (2024). *Stop sign images and video.* Retrieved on March 25, 2024 from https://www.istockphoto.com/search/2/image-film?phrase=stop+sign |

TrishaGalura1. (12 April 2023). *EsP-3-Lesson-19.pptx.* Retrieved on March 26, 2024 from https://www.slideshare.net/TrishaGalura1/esp3lesson19pptx

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Pinagkapareho-Pinagkaiba**. Suriin ang dalawang larawan at sabihin kung ano ang kanilang pinagkapareho at pinagkaiba. Isulat ang sagot sa patlang.<br><br> <br>Pinagkapareho:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Pinagka-iba:<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | Iugnay ang nakaraang paksa tungkol sa sariling pamamahala sa mga patapong gamit -teknolohikal sa bagong paksa tungkol sa mga sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan.<br><br>Inaasahang sagot:<br><br>Pinagkapareho:<br>-parehong mga mahalagang palatandaan na dapat sundin ng mamamayan<br>Pinagkaiba:<br>-pagresiklo sa mga gamit-teknolohikal |

| | | |
|---|---|---|
| | | -palatandaan sa lansangan na dapat huminto |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>***Pass the Message Relay.*** Ibubulong ang mensahe sa kamag-aral at ipapasa ang ito sa susunod hanggang sa huling mag-aaral ng pabulong. Pabilisang ihahayag ang mensaheng ng huling kamag-aral sa pamamagitan ng pagsulat nito sa *bond paper* at ididikit sa pisara.<br><br>Unang Mensahe:<br>Tungkulin ng Sarili sa Batas Trapiko sa Pamayanan.<br><br>Ikalawang Mensahe:<br>Ang tungkulin sa pagsunod para sa kaligtasan ng lahat.<br><br>Ikatlong Mensahe:<br>Masunurin sa batas trapiko ay tanda ng mabuting pagkamamamayan.<br><br>**2. PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Bukod sa pagsunod sa batas trapiko, magbigay ng isa pang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng "pagkamasunurin" kapag ikaw ay nasa labas ng tahanan o nasa pampublikong lugar.<br><br>Sagot: ________________________________________<br>________________________________________<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni____________________):<br>________________________________________<br>________________________________________ | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Pangkat 1 at Pangkat 2 ang unang maglalaro kasunod ay Pangkat 3 at Pangkat 4. Ang ikatlo at huling *round* ay sa pagitan ng mga nanalong pangkat sa mga nakaraang *rounds*.<br><br>Ipagpugay ang nanalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng palakpakan.<br><br>Itabi sa gilid at huwag tanggalin ang *bond paper* sa pisara sa buong linggo, ipaliwanag ang mga ito at ipakilala ang aralin para sa buong linggo.<br><br>Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1:** Pagsunod Sa Mga Babalang Pantrapiko<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Sabay sabay basahin ang Tula at sagutin ang gabay na tanong.<br><br>Ang Ama Kong Disiplinado<br>ni Tyrene Rowena R. Reyes<br><br>Kuwento sa akin ni Ama, marami mang pagbabago,<br>Kailangang manatili sumunod sa batas trapiko<br>Sa "*pedestrian lane*", doon tatawid ako<br>Pagpula ng ilaw, tatawid ang mga tao.<br><br>May pasaherong para nang para,<br>Kahit sa bawal na lugar, nais bumaba na<br>Ngunit sadyang disiplinado si Ama,<br>Sa tamang lugar ibinaba niya.<br><br>Pagdaan sa simbahan, pagbusina ay iniiwasan<br>Sumusunod din sa tamang likuan<br>Dinaraanang *humps*, siya ay dahan-dahan<br>Iniingatan ang mga pasahero, ayaw niyang masaktan<br><br>Nang kailangang bumalik ngunit may "*No U-Turn*" na nakita,<br>Umusad pang muli kung saan ang pag-ikot ay pwede na<br>Nang mapagod si Ama ay nais na magpahinga<br>"*No Parking" sign* nakita, humanap kung saan puwede pumarada.<br><br>Marami pang mga batas trapiko na sa kalsada ay makikita,<br>Lahat ng iyon ay masiglang sinusunod ng aking Ama.<br>Sa bawat araw panatag ang aming pamilya,<br>Na si ama ay laging ligtas pagka't siya ay may disiplina. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Gabay na tanong:<br>1. Ilarawan kung anong klaseng Ama ang nasa ating tula?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |
| | **PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**Pangkatang Gawain.** Gawing batayan sa pagsagot sa mga tanong ang napag-aralang tula, “Ang Ama Kong Disiplinado”.<br><br>a. Ano-ano ang mga batas trapiko na nabanggit sa tula?<br><br>1.______________________________________<br>2.______________________________________<br>3.______________________________________<br>4.______________________________________<br>5.______________________________________<br>6.______________________________________<br>7.______________________________________<br>8.______________________________________<br><br>b. Bukod sa mga ito, magbigay ng dalawang iba pang batas-trapiko:<br><br>1.______________________________________<br>2.______________________________________ | Bumuo ng grupo na may limang miyembro. Pumili ng lider na magbabahagi ng sagot sa harap ng klase.<br><br>Inaasahang sagot (puwedeng hindi sunod sunod):<br>1. Sa “*pedestrian lane*”, doon tatawid<br>2. Pagpula ng ilaw, tatawid ang mga tao.<br>3. Sa tamang lugar ibinaba ang pasahero<br>4. Pagdaan sa simbahan, pagbusina ay iniiwasan<br>5. Sumusunod sa tamang likuan<br>6. Dinaraanang *humps*, siya ay dahan-dahan<br>7. “*No U-Turn*”, umusad kung saan ang pag-ikot ay pwede na<br>8. “*No Parking” sign* nakita, humanap kung saan puwede pumarada.<br>Inaasahang sagot:<br>Sumangguni sa larawan at talahanayan na makikita sa pangatlong paksa ng aralin. |

______________________________________________________________

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Pagmuni-muni.** Balikan ang tula, suriin at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Bakit mayroong mga senyas-trapiko o mga karatulang babala sa kalsada? Mahalaga bang sundin ang mga ito? Bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Rubriks sa Pagsusuri:

| 50% para sa Nilalaman at Diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan |
| | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 30% Mayroong nilalaman at diwa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan |
| | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 10% Walang nilalaman at diwa | | 10% Walang kabuoang kaayusan |
| ______ | PLUS ______ | KABUOANG MARKA: | |

**IKATLONG ARAW**

Talakayin ang kahalagahan ng mga sagot sa pagsunod sa mga babalang pantrapiko.

Inaasahang sagot:
-Iniingatan ang mga pasahero para hindi masaktan
-panatag ang pamilya na si ama ay laging ligtas pagka't siya ay may disiplina

Gamitin ang rubriks sa pagmamarka ng sagot.

**KAUGNAY NA PAKSA 2:** Kaayusan sa Pamayanan Dulot ng Batas Trapiko

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**

**Pagtapat-tapatin.** Pagtapat-tapatin ang mga bugtong ni Cris Alonsozana sa unang hanay sa tama nitong sagot sa ikalawang hanay. Isulat ang tamang titik sa patlang.

Unang Hanay

_____1. Ang ilaw nito'y tatlo
Palaging pabago bago.

_____2. Kung liliko ay laging tingnan
Kung puwede kumaliwa o kumanan

_____3. Ang karatula ay may apat na letra
Ibig sabihin sandaling tumigil muna

_____4. May mga linya sa kalsada
Dito dapat tumawid, halika!

_____5. Naka-uniporme mula baba hanggang ibabaw
Handang magserbisyo kahit sa init ng araw

Ikalawang Hanay

a. 


b. 

c. 

d. 

e. 

Tamang sagot:

1. e
2. d
3. a
4. c
5. b

Talakayin ang kahalagahan dulot ng limang batas trapiko sa kaayusan sa pamayanan.

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagtapat-tapatin**. Itapat ang angkop na mga babala sa ikalawang hanay sa tama nitong sitwasyon o lugar sa unang hanay. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.

Unang Hanay

_____1. Maraming matutulin na sasakyan dumadaan

Ikalawang Hanay

a. Bawal Pumarada
b. Bawal Tumawid

Tamang sagot:
1. b
2. e
3. a
4. d
5. c

| | | |
|---|---|---|
| | _____2. May parada sa buong kalsada<br>_____3. Paparada sa PWD dahil wala ng paradahan<br>_____4. Pipila ng maayos bago makasakay ng *bus*<br>_____5. Umulan ng isang oras<br><br>c. Mag-ingat Madulas and Kalsada<br>d. Sakayan at babaan<br>e. Sarado ang Daan<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Mag-isip ng isang batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagan pang trapiko sa lansangan na puwedeng sundin at gawin sa tahanan. Sabihin kung ano ito, bakit ito, para kanino, at saang lugar sa tahanan ilalagay ang napili. | Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel. |

| Batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagan pang trapiko | Dahilan kung bakit ito pinili | Para kanino ito | Lugar kung saan ilalagay |
|---|---|---|---|
| | | | |

Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni____________________________):

| Batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagan pang trapiko | Dahilan kung bakit ito pinili | Para kanino ito | Lugar kung saan ilalagay |
|---|---|---|---|
| | | | |

**IKAAPAT NA ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 3:** Pakikibahagi sa Programa ng Pamahalaan na Makatutulong sa Pagpapanatili ng Kaayusan sa

Pamayanan

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**Pangkatang Gawain.** Pumili ng lima (dalawa sa kaliwa, isa sa gitna, at dalawa ulit sa kanan) at tukuyin ang mga tamang pangalan ng sumusunod na mga babala at palatandaan ng trapiko. Hindi puwede piliin ang napili na ng mga naunang grupo.




**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

Bumuo ng grupo na may limang miyembro (maaari ang dating magkakasama). Pumili ng bagong lider na magbabahagi ng sagot sa harap ng klase.

Isulat sa pisara ang mga letra:

A A A B I K O P R S T T

Unahan ang grupo na hulaan at isulat sa papel ang dalawang salitang mabubuo (BATAS TRAPIKO). Ang unang makakapagbigay ng sagot ang unang pipili sa tsart sa Sagutang Papel ng limang sasagutin.
*NOTE:* Ang larawan sa Sagutan Papel ay <u>walang mga pangalan</u> ng babala at palatandaang pang trapiko.

Talakayin, ang mga ito ay panuntunan ng pamahalaan bilang palatandaan o panuto sa lansangan. Ang mga ito ay maaaring uriin sa talto: babala (*warning signs*) nagbibigay-kaalaman (*informative signs*), o administratibo (*regulatory signs*).

**Pangkatang Gawain.** Ang mga palatandaan o panuto sa lansangan at mga batas trapiko ay nagbibigay ng kaligtasan sa bawat mamayan. Suriin ang sampung larawan at iugnay sa kaligtasang tinutukoy nito. Isulat ang tamang titik sa patlang.

A.

B.


C.

D.

E.


F.

G.

H.

I.

J


Kaligtasan sa mga:
_____1. Lugar na sangandaan
_____2. Lahat ng klase ng sasakyan dahil bawal sila pumasok
_____3. Trak dahil bawal sila pumasok
_____4. Daang tren
_____5. Ginagawang kalsada
_____6. Lugar tawiran
_____7. Madulas na kalsada
_____8. Matarik na paakyat na direksyon ng kalsada
_____9. Nakatakdang tulin ng sasakyan
_____10. Panganib sa nahuhulog na bato

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing* o gumawa ng isang larawan na nagpapakita ng mapa ng iyong paaralan. Lagyan ng akmang mga batas,

Tamang sagot:

1. F
2. C
3. A
4. J
5. G
6. D
7. I
8. E
9. B
10. H

Gamitin ang nakapaloob na rubrik sa pagmamarka ng sagot.

Idikit sa pisara ang lahat ng mga gawang *drawing*.

Lagumin ang talakayan sa pagsasabi ng kahalagahan ng pagiging masunurin sa mga

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
alituntunin, babala, patalastas o panawagang pangtrapiko ang iyong drawing na mapa o larawan.<br><br>
_______________________________<br>
(pangalan ng paaralan)<br><br>
_______________________________<br>
(iyong pangalan)<br><br>
Rubiks sa pagmamarka ng drawing o larawan:<br><br>
<table>
<tr><th>Marka</th><th>Basehan ng pagmamarka</th></tr>
<tr><td>100</td><td>Napakalinaw ng batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagang pangtrapiko</td></tr>
<tr><td>90</td><td>Malinaw ang batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagang pangtrapiko</td></tr>
</table>
</td>
<td>sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| 80 | Mayroong batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagang pa ngtrapiko |
| 70 | Hindi malinaw ang batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagang pangtrapiko |
| 60 | Walang batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagang pangtrapiko |

**D. Paglalahat**

**PABAONG PAGKATUTO**

**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang "Tama" kung ikaw ay sumasang-ayon o "Mali" kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapahalaga sa mga sariling tungkulin sa batas trapiko sa pamayanan. Isulat ang "Dahilan" kung bakit ito ang iyong sagot.

| Mga Kilos na Nagpapahalaga sa mga Sariling Tungkulin sa Batas Trapiko sa Pamayanan | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Lubhang napakahalaga ang wastong pagsunod sa anumang alituntunin o patakaran. | | | ____________________ |
| 2. Hindi makakatulong ang pagkakaroon ng tamang disiplina sa pagpapanatili ng kaligtasan ng bawat isa. | | | ____________________ |

Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.

Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. Mayroong iba't ibang tuntunin sa pamayanan na may kinalaman sa kaligtasan tulad ng babala at batas trapiko. | | | ______ | |
| | 4. Hindi lahat ng mga batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagan ay dapat sundin. | | | ______ | |
| | 5. Sa ating pagsunod sa batas, alituntunin, babala, patalastas o panawagan, lahat ay malulugod. | | | ______ | |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>**Tama o Mali.** Isulat ang "Tama" sa patlang kung ang pangungusap ay tama. Isulat ang "Mali" sa patlang kung ang pangungusap ay mali.<br><br>__________1. Ang pagsunod sa mga alituntunin tulad ng mga babala at batas trapiko ay makatutulong upang tayo ay maging ligtas.<br>__________2. Ang mga nahuhuli sa mga lumalabag sa batas trapiko ay hindi pinagbibigyan kahit mayroong katanggap-tanggap na dahilan.<br>__________3. Bigyan dapat ng daan ang mga saksayang may sirena tulad ng ambulansiya at trak ng bumbero.<br>__________4. Ang ilaw trapiko ay may apat na iba't ibang kulay na may iba't ibang kahulugan.<br>__________5. Mahalaga ang pagkakaroon ng disiplina upang mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng pamayanan.<br>__________6. Bagalan ang pagmamaneho sa sasakyan kapag ikaw ay gagamit ng *cellphone* para magpadala ng *text message*.<br>__________7. Maaaring maghudyat ng busina sa mga mabagal tumawid sa paaralan, simbahan at ospital.<br>__________8. Maaaring tumawid kahit saang parte ng kalsada basta't bibilisan ang paglalakad.<br>__________9. Ang pagsunod sa mga batas trapiko ay kapag umaga lamang, mula 6:00am hanggang 6:00pm.<br>__________10. Kayang-kaya nating sundin ang mga babala at batas trapiko kung palagi nating isasaalang-alang ang ating kaligtasan. | Tamang sagot:<br><br>1. Tama<br>2. Mali<br>3. Tama<br>4. Mali<br>5. Tama<br>6. Mali<br>7. Mali<br>8. Mali<br>9. Mali<br>10. Tama |

| | | |
|---|---|---|
| | **GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**<br><br>***J.S. From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal na nagawa sa buong linggo. | |

| Ginawa Ko Ba ang Aking Sariling Tungkulin na Maging Masunurin sa Batas Trapiko sa Pamayanan? | Lagyan ng TSEK (√) ang Sagot | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
| OO | | | | | |
| HINDI | | | | | |
| WALA | | | | | |

| Magbasa ng isang pahina ng KAHIT ANONG AKLAT. Maaari itong basahin ulit sa susunod na mga araw. | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
|---|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Aklat | | | | | |
| Walang binasa | | | | | |

| ***B.*** **Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:***<br>***Venicris M. Alonsozana*** | ***Sinuri ni:***<br>***Liza T. Bacierra*** |
| ***Institusyon:***<br>***De La Salle University – Dasmarinas*** | ***Institusyon:***<br>***Leyte Normal University*** |